

Liham sa Bagong Taon 2022

Ikalawang Kabanata: Buhay Pananampalataya sa Panahon ng Corona *Ang Pagharap sa Kamatayan bilang mga Kristiyano*

✝ Most. Rev. Paul Yoshinao Otsuka, D.D.
Obispo ng Kyoto

■ Panimula

Sa liham na ito ngayong Bagong Taon sama sama tayong mag saliksik sa mga sinyales na “Buhay ang ating pananampalataya sa panahon ng Corona,” at ang mga “huling kaganapan ng buhay,” na tinatawag din nating “Kamatayan.” Ang bansang Hapon ay nakakaranas ng mabilisang pagbaba ng bilang ng mga ipinapanganak at ganun din ang dami ng bilang ng mga nagkakaedad. Dahil dito, dumadami rin ang bilang ng mga may-edad na gusto nang matapos ang kanilang buhay upang hindi na maka abala sa mga anak at sa mga nakapaligid sa kanila. Ang paghahanda sa “pagharap sa Kamatayan” ay itinuring nang isang mahalagang bagay na kinakailangang pag-isipan. Ang pandemya na ito ay nag bigay sa atin ng pagkakataon upang kwestyunin ang ating lipunan, ekonomiya at indibidwal na paraan ng pamumuhay. Bilang mga mananampalataya ni Kristo sa panahon na ito, at para sa mas positibong pananaw sa pamumuhay, nais kong ilagay ang konsepto ng "kamatayan o katapusan" batay sa sinasabi ng Bibliya.

1. Mapagpalang Buhay

Simulan natin ang ating pagninilay sa napaka gandang katagang “masaganang buhay,” sinabi ni Hesus “...ako’y naparito upang sila’y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan” (Jn 10:10). Ito ay walang kinalaman sa maka mundong kaginhawahan at tagumpay, kundi sa Kasaganaan ng Buhay na walang Hangan na tumalo sa kamatayan. Sinasabi ni San Pablo Apostol, “Gayundin ang nakikita natin, ngayo’y parang larawan sa isang malabong salamin, ngunit pagkatapos, makikita natin nang mukhaan. Ngayon, bahagya ang aking pagkakilala, ngunit pagkatapos, makakakilala ako nang lubusan, gaya ng pagkakilala niya sa akin” (1 Cor 13:12).

Ang ating unang tungkulin sa “pagharap sa kamatayan” ay balikan ang lahat ng mga alaala nang ating nakaraan. “Kaya bawat guro ng Batas na tinuruan tungkol sa Kaharian ay katulad ng isang ama ng tahanan na may tabihan, at laging may bago at luma sa tuwing kukuha siya.” (Mt 13:52) May mga nakaraan na dulot ng mapait na alaala ng pagtalikod ng tao sa pag-ibig ng Diyos, at ang “bago” ay ang karanasan sa ebanghelyo bilang tugon sa tawag ni Hesus.

Sa tuwing ginugunita ng mga Israelita ang mga pangyayari sa Exodo, pinasalamatan nila ang Diyos sa Kanyang matiyagang paggabay sa kabila ng pagsuway ng mga ito habang naghihintay sa kaganapan ng darating na kaligtasan. Ganun din, habang taos puso nating inaalala ang nakaraan, tayo ay pinupukaw at inaanyayahan na mamuhay sa liwanag na may kaakibat ang pag asa.

2. Ang Dambana ng Ama ni Hesus ay Naghihintay

Ang isa sa mga pangunahing adhikain ng “pagharap sa kamatayan” ay ang mag pasalamat pag ibig at biyaya ng katotohanan na tayo ay ipinanganak/nabuhay. Noong Huling hapunan sinabi ni Hesus “ Sa tahanan ng Aking Ama ay maraming silid (Jn 14:2), ang Tahanang kung saan ang Ama, Anak at Espiritu Santo o ang San Tatlo ay nananahan, “bahay na hindi gawa ng

mga kamay, walang hanggan, sa sangkalangitan.” (2 Cor 5:1) na kung saan ang lahat ay inaanyayahang dumalo at makiisa sa pag pupuri sa Panginoon.

Habang tayo ay nag hihintay na maka pasok sa Tahanan ng Diyos, ang Diyos Ama sa pamamagitan ng Diyos Anak ay ipinag kaloob sa atin ang Mang-aaliw sa katauhan ng Diyos Espirito Santo. (Jn 14:15-21) Ang ating tagumpay ay kaloob ng Espirito Santo, hindi tayo makakasalba kung ang sarili lang natin ang ating aasahan. Ang buhay ay walang halaga kung ikumpara ito sa iba. Sa tingin ko, ang bawat isa ay ipinanganak upang hanapin ang kahulugan ng kanyang buhay na tanging siya lamang ang makakatuklas sa daigdig na ito, na para bagang “natatanging bulaklak sa mundo,” bawat isa ay may natatanging misyon/responsibilidad na kailangan nating gampanan na hindi pwedeng ipasa sa iba.

3. Isapuso ang Araw ng Pangilin

Sa usaping “kamatayan” hinaharap din natin ang sarili nating kamatayan, ito ay nag bibigay sa atin ng daan upang mas lumawak ang ating pang unawa sa usaping may kinalaman sa payapang pamamahinga. “Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin.” (Ex 20:8) ito ay nagpapa alala na ang Diyos na lumikha ay may kanyang plano sa lahat ng bagay. Sa Biblia, “Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.” (Gen 1:8) at nagpapatuloy ito sa pag tupad Niya sa kanyang pangako sa ating panawagan, “Oo: ako’y madaling pumaparito. Siya nawa: pumarito ka Panginoong Jesus.” (Pahayag 22:20). Kahit sa pag awit, tayo ay binibigyan ng “Pamamahinga,” gaya ng sinabi ni David “Ang Panginoon ang aking pastor; hindi ako mangangailangan. Kaniyang pinag papahinga ako sa sariwang pastulan: pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan,” (Awit 23:1-2). At sa napapagod, Siya din ang nagsabi; “Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nagpapagal at nabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at matuto kayo sa akin; sapagka’t ako’y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.” (Mt 11:28-29)

Ang layunin ng paglikha ay upang harapang makapamuhay ang tao kasama ng Diyos. (Gen 2:1-3) Si Kristo ay ang Simula at ang Katapusan (Pahayag 1:8) ang lahat ng ito ay magkakaroon ng kaganapan sa “ikalawang Pag babalik ni Kristo,” na kung saan ang buhay sa sansinukob ay magkakaroon ng katapusan at “kapahingahan.” Sa pagkakataon gaya nito, ang bawat saglit ay “panahon ng biyaya, araw ng kaligtasan” (II Cor 6:1-2), kung saan ang grasya ng Diyos ay hindi dapat sayangin, na sa pagdating ng tamang oras ay “mamunga ng tigtatatlongpu, at tigeanimnapu, at tigiisang daan.” (Mk 4:20).

4. Si Hesus ang Kaganapan ng Pananampalataya

Nasusulat sa huling yugto ng buhay ni San Pablo Apostol (edad 60) “Hindi ko inaakalang nakarating (Tinutukoy niya ang tunay na pananampalataya) na ako. Tiyak na hindi pa ako nakarating o naging ganap, kaya tumatakbo ako upang kunin si Kristo, matapos niya akong kunin. Hindi ko inaakala, mga kapatid, na nakarating na ako; ngunit nililimot ko ang nasa likod ko at pinagsi- sikapan ang mga hinaharap; at tuma- takbo akong naghahanap ng gantimpala ng makalangit na pagtawag sa akin ng Diyos kay Kristo Jesus.” (Fil 3:12-14) kaya naman naniniwala tayo na ang paggabay at kaganapan ng pananampalataya na matatagpuan kay Kristo Hesus. “Tumakbo tayo nang buong tatag sa kinakaharap nating karera ng pananampalataya.” (Heb 12:2-3) Bukod dito, si Kristo ay kasama rin sa "kamatayan." batayan nito ang dalawang desipulo na nag lalabay pa Emmaus. (Lk 24:13-27) Kapag nakaranas ka nang kabiguan sa buhay at nakaramdam ng panghihinayang, kumapit ka kay Hesus at hayaan mong siya’y lumakad kasama mo. Si Hesus narin ang nagsabi na hindi maiiwasan ng Mesiyas ang magdusa, na sa tingin natin ay isang hadlang, “Di ba’t kailangang magdusa nang ganito ang Mesiyas bago pumasok sa kanyang Luwalhati?” (Lk 24:26) nang sa ganon maituro niya sa kanyang mga alagad na ang gawain ng pagliligtas ng Diyos ay mahiwaga at ang lahat ng mga pangyayari ay

maykabuluhan.

Sa aklat ng Ecclesiastes, sinasabi na “May panahon para sa lahat, at may panahon para sa bawat pangyayari sa ilalim ng langit” (Ecc 3:1). At matapos sabihin ng Diyos na lahat ng ginagawa niya ay maganda, nagbabala siya “Bawat isa’y ginawa niya ayon sa panahon nito, ngunit inilagay din niya ang kawalang-hanggan sa kanilang mga puso bagamat hindi mauunawaan ng tao ang gawa ng Diyos mula sa simula hanggang sa wakas.” (Ecc 3:11).

Bago mangyari ang sunod-sunod na kaganapan sa buhay ni Job, Sinabi niya: “Ang Diyos ang nagbigay, ang Diyos ang mag-aalis. Purihin ang Kanyang pangalan!” (Job 1:21). Sa kabila ng pagpapahayag niya na ang buhay at kamatayan ay nasa ilalim ng pamamahala ng Diyos, sinubok parin ng Diyos kung gaano siya katatag. Tulad ni Maria sa nasulat ni San Lukas, “Iningatan naman ni Maria ang mga ito at pinagnilay-nilay sa kanyang puso... at patuloy siya sa pagiging masunurin sa kanila.” (Lk 2:19.51), patuloy nawa tayong magtitiwala sa Panginoon hangang sa " huling sandali ng ating buhay."

5. Ang Kabuluhan ng Katahimikan ng Diyos

Pag nilayan naman natin ang tila bagang katahimikan ng Diyos sa “Kamatayan.” Sa Aklat ng Awit (Psalm) may partikular na kabanata na tinatawag na “Awit nang Naghihinagpis” at nagkakawatak-watak. Dito, hindi maramdaman ng tao ang presensya ng Panginoon, na para bang inabandona Niya ang Kanyang kawan. Kapag ang katahimikan ng Diyos sa tao ay nagpatuloy, ito’y maaring sa kadahilanang galit o tanda ito ng kaparusahan ng Diyos sa mga kasalanan ng tao. Sa kabila nito, bagama’t nais nating maramdaman ang presensya Niya sa sandali ng kapighatian, mas hangad Niya na patuloy tayong magtiwala sa Kanya.

Ang tula na panulat ni Margarete F. Powers na pinamagatang “Footprints in the Sand” isinaad niya na siya ay nanaginip na nag lalakad kasama ang Panginoon, kapansin pansin ang mga yapak niya at ng Panginoon sa dalampasigan. Ngunit noong dumating ang sandali ng sakit at kalungkutan sa kanyang buhay, isang pares na lang ng bakas ng paa ang naiwan, tinanong niya ang Panginoon, “Bakit mo ako pinabayaan?” at sinagot siya ng Panginoon, “Minamahal kita, at hinding hindi Kita iiwan. Sa mga panahon na isang pares na lang ng yapak and nakikita mo, yun ang mga yapak ko sa mga panahon na buhat buhat Kita.”

Sa istorya ng buhay ni Job, nang nawala sa isang iglap lahat nang meron siya, para bang pinanghinaan siya ng loob sa katahimikan ng Diyos habang patuloy niyang itinatanong ang kahulugan ng malagim na pangyayaring iyon. Sa kabila noon, ipinahayag ni Job na ito ay nag-iwan ng aral na hindi natin dapat kwestyunin ang gawain ng Diyos ng dahil lamang sa ating pananaw, na matanto natin na sa kabila ng lahat ang presensya nag Diyos ay patuloy na sumasa atin. Ganun din tayo, sa mga pagkakataon na binabaybay natin ang masamang alaala ng nakaraang paghihirap at kadiliman, madalas natin matanong, bakit nangyari ito sa akin, bakit ako, bakit hindi sila? Natatanong din natin, Ama bakit mo ako pinabayaan?

6. Ang Paniniwala Pagkabuhay na Magmuli

Kahit anong sabihin, ang basehan ng “Pagharap sa Kamatayan” ay matatagpuan sa ating paniniwala sa Muling Pagkabuhay. Naniniwala tayo sa muling pagkabuhay ng katawan. Ito ay base sa ipinapahayag natin sa Kredo. Ordinaryo para sa tao ang matakot sa kamatayan. Subalit, bakit nga ba namamatay? Bakit nga ba nakakatakot mamatay? Sa ating mga Kristiyano ang batayan natin para dito ay ang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga Roma; para sa kasalanan ng Sankatauhan (Rm 5:12-,6:14). Nang dahil sa kasalanang mana na dulot ng pagkakasala ng unang tao na si Adan, kinakailangan natin na mamatay. Ang kasalanan, ang pagsuway sa Diyos, ang pagkawalay sa Diyos, ay senyales na gusto nating mamuhay na parang mga diyos. Dahil pag kakasalang ito, nasira ang ugnayan ng Diyos at tao.

Naibalik lang ang ugnayan ng Diyos sa tao noong nagkaroon ng kapatawaran sa pagkakasala ng tao dahil sa biyaya ng Pagpapakasakit at Kamatayan ni Kristo. Dahil dito, tayo ngayon ay

nabubuhay nang malaya mula sa takot at pagkabalisa sa kamatayan. Sinabi ni San Pablo “ganyan ang pagkadapa. Ngunit walang kaparis ang bisa ng kaloob ng Diyos. Namatay ang lahat dahil sa kasalanan ng isa lamang; ngunit mas dumadami pa ang regalo ng Diyos, ang masaganang libreng kaloob na umabot sa napakaraming tao mula sa isang tao na si HesuKristo.” (Rm 5:15)

Dahil dito, ang pagdurusa dulot ng kasalanan at kamatayan ay walang wala, kung ikukumpara sa kaluwalhatian ng ating pagiging mga anak ng Diyos. (Rm 8:18-19) nang dahil sa biyaya ng Binyag, tinanggap natin ang pananampalataya at ang katotohanan na ang mga Kristiyano ay nabubuhay sa walang kapalit na pag-ibig at awa ng Diyos (Rm 6:3), tinanggap natin ang pagiging mga anak ng Diyos sa Espiritu “unang pag-ibig” (Rm 8:23), at kasama ang Panginoon tayo ay nananalangin “O, Ama.” (Rm 8:15). Dahil ditto, kasama si Kristo, ang walang hangang pagkabuhay ng katawan sa katapusan ng mundo, ay matatamasa natin (1 Cor 15:35-49).

7. Bigyan Nyo Po Kami ng aming Kakanin sa Araw-araw

Ang isa sa mga kagalakan natin sa ating paglalakbay sa buhay na ito bilang mga Katoliko ay ang pag tanggap ng Banal na Kumunyon. Sinabi ni Hesus, “Sino mang naniwala ay mabubuhay magpakaylan man” (Jn 6:47). Ipinangako din Niya na “May buhay magpakailanman ang ngumunguya ng aking laman at umiinom ng aking dugo, at itatayo ko siya sa huling araw.” (Jn 6:54). Bagamat “dumating” na ang kaligtasan, tayo ay patuloy pa din na “naghihintay” sa kaganapan ng Kaluwalhatian ito. Ito ang dahilan kung bakit ibinigay ni Hesus ang Kanyang Sarili sa mga nag dadalamhati at nalulumbay bilang maging pagkaing nagbibigay buhay. Ang ipinag darasal natin na makakain; “bigyan Mo po kami ng aming makakain sa araw-araw” sa panalanging “Ama Namin” ay ang biyaya ng Sakramento na kailangan natin sa "ngayon" habang nabubuhay sa mundong ito.

At isa pa, tayo din ay nagkakaroon ng pagkakataon na makaugnay ang Panginoon sa pamamagitan ng Banal na Sakramento ng Eucharistiya. Sa Sakramento ng Binyag, tayo ay nakiisa sa kamatayan ang pagkabuhay ni Kristo, dahil sa Banal na Eucharistiya, tayo ay nabubuhay tayo sa mundong ito, kalakip ang “dumating” na makalangit na buhay sa piling ng muling nabuhay na si Kristo. Sa ganitong pag-iisip, ang kabuuang dami ng oras sa buhay ng bawat tao ay hindi lamang isang talaan na puno ng mga personal na aktibidad, ito rin ay isang talaan na nagpapatunay na ang Diyos ang may kontrol sa panahon. Halimbawa, kahit na mawala ang aking alaala, ako kaylan man ay hindi nawala sa alaala ng Diyos.

8. Wala Ako kung walang Pag-ibig

Sa “Pagharap sa Kamatayan” natutuldukan ang ating pag iisip na dapat tayo mamuhay batay sa “tungkuling etikal.” Sa Bibilya, lumapit ang isang mayamang lalaki kay Hesus at nag tanong “Mabuting guro, ano ang dapat kong gawin para magmana ng buhay na walang hanggan?”(Mk 10:17). Ang buhay na walang hanggan ay biyayang tinanggap natin sa Panginoon. Ang biyaya na kulang sa mayamang lalaki ay ang pag-unawa sa pagkakaiba ng “mundo ng pagnanasa” sa “mundo ng kautusan,” at ang tunay na kalayaan at kaligayahan na matutunghayan sa “mundo ng pag-ibig” ay hindi pa niya natatagpuan. Hinikayat ni Hesus ang mayamang lalaki na talikuran ang kaniyang ari-arian at imulat ang mga mata sa mundo ng pagmamahal.

Lahat tayo ay inaanyayahan ni Hesus na maingat na harapin ang kung ano mang pumipigil sa atin na mamuhay sa mundo para umibig. Dapat tayong makalaya sa kamalayan na ang pag mamahal sa Diyos ay isang obligasyon, sa halip mas dapat nating mapalalim ang diwa ng pag-ibig na malayang nakatutugon sa pag-ibig ng Diyos.

Sinabi ni San Pablo sa kanyang himig ng pag ibig (1 Cor 13:1-13) magkaroon man ako ng ganap na pananampalataya na nakapag-aalis sa mga bundok, ipagkaloob ko man sa mga dukha ang lahat ng sa akin at ibigay ang aking katawan ngunit upang purihin lamang at wala akong

pag-ibig, wala akong silbi. Ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig ay mananatili magpakailan man; ngunit pinakadakila sa mga ito ang Pag-ibig.” Kaya naman para sa "kamatayan" dapat nating tandaan at isabuhay ang "listahan ng pag-ibig" sa awit ng pag-ibig sa araw-araw. Ang Pag-ibig ay; “Hindi ito nagseselos, nagmamapuri, o nagmamataas. Hindi gumagawa ng di-tama o tumitingin sa sarili; hindi nagagalit o nagtatanim ng sama ng loob; hindi natutuwa sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan. Ang pag-ibig ay nagbabata sa lahat, naniniwala sa lahat, umaasa sa lahat at nagtitiyaga sa lahat.” (1 Cor 13:4-7).

9. Alalahanin ninyo Ako

Ang “pagharap sa kamatayan,” ay hindi ang oras sa kung saan tayo ay masayang mag hihintay na makapasok sa paraiso ng kalangitan. May gampanin tayong dapat gawin. At ito ay ang paghingi sa Diyos at sa kapwa ng kapatawaran sa mga nagawa nating kasalanan. Mahirap mang aminin kahit sino’y nagkakasala na bagay na hindi natin matanggap, dahil paulituliit natin itong binibigyan ng katuwiran dahil sa mga “unresolved issues.” Noong ipinako si Hesus sa Krus, may dalawang magnanakaw na ipinako kasama niya, isa sa kanyang kaliwa at isa sa kanyang kanan, sinabi ni Hesus, “Ama, patawarin mo sila sapagkap hindi nila alam ang kanilang ginagawa.” (Lk 23:34) at nang marinig ito ng isa sa dalawa natakot siya sa Diyos, nagsisi at hiniling niya “Hesus, alalahanin mo ako pagdating mo sa iyong kaharian.” (Lk 23:42). At tumugon si Hesus, “Talagang sinasabi ko sa iyo: sa araw ring ito, makakasama kita sa Paraiso.” (Lk 23:43). Pinatawad ang kasalanan at pinangakuan niya ng kaligtasan ang isa sa dalawang magnanakaw. Ang panalangin sa oras ng “pagharap sa kamatayan” ay isang daan na maaring makamit ang kaligtasan katulad ng nabanggit na ikalawang kriminal na nagsisi sa kanyang mga nagawang kasalanan.

“Ang hindi magmahal sa kapatid na kanyang nakikita, ay hindi kayang mag mahal sa Diyos na hindi niya nakikita.” (1 Jn 4:20) At ang taong humihingi ng kapatawaran sa Diyos ay taong marunong magpatawad sa kanyang mga kapatid. Dapat nating isabuhay ang nasusulat sa dasal na Ama Namin “Patawarin Mo kami sa aming mga sala, para nang pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.” Sabi ni San Pedro Apostol, “Sa Panginoon, parang isang araw ang isang libong taon at isang libong taon ang isang araw. Hindi nagpapaliban ang Panginoon sa kanyang pangako, kahitman pinag-uusapan ng ilan ang pagpapaliban. Mapagpasensiya siya sa inyo at hindi niya iniibig na mapahamak ang sinuman. Gusto niyang magsisi ang lahat. Darating namang tulad ng magnanakaw ang araw ng Panginoon. Sa araw na iyon, maingay na tatanggalin ang langit, matutunaw sa apoy ang mga sangkap ng sanlibutan at hindi na matatagpuan ang lupa at lahat ng naroroon.” (2 Pt 3:8-10). Ang “Pagharap sa Kamatayan” ay magiging isang mahalagang oras upang mapagtagpo ang nakaraan at hinaharap. Hangang ngayun bagamat naisin natin na mamuhay sa sariling kakayanan, pero dahil nalaman natin na maging tayo ay natulungan ng maraming tao, ito ay maaaring magbukas sa ating puso sa mga nangangailangan nang pakikipagkasundo. Sa mga hindi na natin makikita pa dahil sa sila ay nauna na sa atin, sa kaibuturan ng ating mga puso, humingi tayo ng kapatawaran, at hingin din natin ang kapatawaran ng Panginoong Diyos.

10. Ang Panginoon na nagbigay kaligayahan sa aking Kabataan

Lahat tayo ay tatanda, at mararamdaman ang ibat ibang limitasyong pang pisikal na lakas man at iba pang gawain, pero para kay San Pablo Apostol, ito ay tanda nang natatagong kabataan na mauunawaan lamang ng mga Kristiyano na nakakaalam sa kahulugan sa Pagkabuhay na Mag uli ni Kristo. “Kaya hindi kami pinanghihinaan ng loob. Patuloy mang nasisira ang panlabas na sarili namin, nababago naman araw-araw ang aming panloob na sarili.” (2 Cor 4:16) Ang loob ng tao, “kung nakay Kristo ang sinuman, bagong nilalang na siya.” (2 Cor 5:17) ay lumalago sa wangis ni Kristo araw araw. (Eph 4:13) Kaya maging larawan tayo ng luwalhati ng Panginoon nang walang takip sa ating mukha at anyuin natin ang kanyang

larawan patungo sa higit pang kaluwalhatian (2 Cor 3:18). Sinabi ni David sa kanyang pagpupuri sa Panginoon “ang nagpapabusog sa iyo habang buhay tulad ng agila muli kang bumabata.” (Ps 103:5). Sa lumang Misa na Latin, sinisimulan ito ng pag bigkas ng pagpupuri sa Panginoon “*Ad Deum qui laetificat juventutem meam*” o humarap sa Panginoon na *nagbibigay sa akin ng kaligayahan sa aking kabataan*. Sa natatago nating kabataan, ito ay kalugod na kaloob ng Diyos.

At dito sa batang ito, nag hahari ang kaharian ng Diyos (Mk 10:14-16). Ginamit ni Hesus ang imahe ng bata sa pagsasalamin sa tunay na ibig sabihin ng salitang Anak ng Diyos. Ang mga bata ay nangangailangan ng pagmamahal, naghahanap ng totoong tatanggap sa kanila, kuntento sa kung ano lang ang meron sila at naghahanap nang pagmamahal na nagmumula sa iba. Ang pinaka mahalaga sa buhay na ito ay ang pagiging isa sa mga “maliliit” (Mk 9:42). Sa lipunan na kung saan ang galing, kalusugan, tagumpay ay pinaprayoridad, habang ang mahihina at talunan ay nakakaranas ng diskriminasyon at kakulangang pansin, sa ating pagtanda pupwede tayo magpatotoo nang nasasaaad sa panalita ni Pablo sa Bibliya “Pagkat kung kailan ako mahina, saka ako malakas.” (2 Cor 12:10)

11. Ang Simpleng Pamumuhay ng Kristiyano

Ang simpleng pamumuhay ng isang Kristiyano ay pwede nating maihalintulad sa gawi sng Yoga “DAN-SYA-RI” pagtangi sa mga bagay na hindi kaliangan (DAN), paglilinis ng mga hindi kaliangan (SYA) at pagtalikod sa pagkahilig sa mga bagay bagay (RI). Ayon kay Pablo, Itinuring kong walang kabuluhan ang lahat ng iba pa kung ihahambing sa kaalaman kay Kristo... Siya ang nagpabale-wala sa lahat at itinuring kong basura ang lahat, makamtan ko lamang si Kristo (Fil 3:8). Ito ang diwa ng paglilinis ng mga bagaheng hindi kaliangan sa pananaw ng Kristiyano. Sinabi ni Hesus, “kung nasaan ang iyong kayamanan, andun din ang iyong puso.” (Mt 6:21). Labanan ang pagkahumaling sa kayamanan, itigil ang pagnanais ng labis, lumaya sa walang kabuluhan at pagkamakasaring pananaw sa buhay at gumawa ng lugar para sa mahihirap at mahihina sa iyong puso.

Ang pananampalataya ayon sa turo ni Pablo kay Timoteo; “Kayamanan nga ang pananampalataya para sa sinumang nasisiyahan sa kung ano lamang meron siya. Wala tayong dinala sa daigdig na ito at wala rin tayong mailalabas.” (1 Tim 6:6-7). Ang pagharap sa “kamatayan” tayo ay naghahangad ng isang puso na marunong mag tiwala sa Diyos. Hindi tayo ang may ari ng kung ano mang meron tayo ngayun, bagkus tayo ang tanging mga katiwala lamang, at ang pag gamit nito para sa ikabubuti din ng iba ay naayon sa kagustuhan ng Diyos. (Gaudium et Spes, Constitution of the Church in Modern World, 69). Sa halip na mag imbak ng mga bagay bagay na maari nating magamit sa hinaharap, habang ipinapaubaya natin sa Diyos ang hinaharap, suriin natin ang mga prioridad na makapagpapanatili sa atin sa pag-ibig ng Diyos at makuntento sa ligaya ng simpleng buhay na meron ka sa ngayon. Ginagawa ng Kristiyano ito na may pag hahangad na “Kaya hanapin muna ninyo ang kaharian at katarungan ng Diyos, at ibibigay rin sa inyo ang lahat ng ito.” (Mt 6:33), “Kaya kumain man kayo o uminom, o gumawa ng anuman, gawin ninyo ang lahat para sa ikaluluwalhati ng Diyos.” (1 Cor 10:31)

12. Ina ng Awa

Sa pambungad na panalangin sa Misa para sa Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Mahal na Birheng Maria sa Langit, inaalala na ang Birheng Maria ay iniakyat katawan at kaluluwa sa langit, at tayo mga mananampalataya, ay nananalangin at umaasa para sa kaligtasan nang makapasok din tayo sa walang hangang kaligayahan kasama ang Mahal na Ina sa kalangitan. Sa Santo Rosario, sa ikaapat na misteryo ng Luwalhati hinihiling natin ang biyaya ng maluwalhating kamatayan.

Ang dasal sa Panalangin ng Kristiyano bago matulog sa gabi ay nagtatapos sa “Ama, sa mga kamay mo ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu.” (Lk 23:46) at sa panghuli, makikita din ito

sa himig na Latin ng Salve Regina (Aba po Santang Birhen) o sa mga awiting pangliturhiya “Ina ng Awa.” Bilang isang angkan ni Eba na ipinatapon mula sa Halamanan ng Eden, nananalangin tayo na sa ating paglalakbay ay magabayan at maprotektahan habang tayo nag papaikot-ikot sa “lambak ng baka” at nawa sa huli ay makaharap natin sa Hesus. Ang mahal na Ina ay patuloy na tumatayo kasama natin, humihingi ng tulong sa kanyang Anak kapag tayo ay mahina, sugatan, nag-iisa at nagdurusa.

Ang salitang Latin na “Memento mori” (alalahanin mo ang iyong kamatayan) ay ginamit ng mga monghe ng panahong midieval bilang pagbati sa isat-isa na nag papalala din ng “Memento Domine” (alalahanin mo ay iyong Panginoon). Ito ay nagpapalala rin sa atin na tayo ay mortal at wag mong kakalimutan ang Panginoon ng buhay.

Sa panahong ito na kung saan lumalala ang pagkabalisa dahil sa corona, harapin natin ang kamatayan bilang mga Kristiyano na nagbibigay ng buhay na patotoo sa panamapalataya.

Maranatha: *Dumating ka na, Panginoon.* Sumainyo nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus. (1 Cor 16:22-23 at Pagbubunyag 22:20-21)

Dakilang Kapistahan ni Maria Ina ng Diyos
✠ Most. Rev. Paul Yoshinao Otsuka, D.D.
Obispo ng Kyoto
Enero 1, 2022